

- May malaking tungkulin sa operasyon nito.

Para maituring na nagsisimulang magsasaka ang mga legal na entidad, dapat ay biyolohikal na kapamilya ang lahat ng miyembro o kaya ay may kaugnayan ang mga ito sa pamamagitan ng kasal at dapat ay nagsisimulang magsasaka ang mga ito.

Magsasaka o rantserong may limitadong resource – isang tao o legal na entidad na:

- May kita na mas mababa sa \$177,300 (para sa FY2019) sa bawat isa sa dalawang taon ng kalendaryo na nauna sa kumpletong nabubuwisang taon bago ang taon ng programa, na pataas na ia-adjust sa mga susunod na taon para sa inflation; at
- May kabuuang kita ng sambahayan na nasa o mas mababa sa antas ng kahirapan ng bansa para sa isang pamilyang may apat na miyembro, o na mas mababa sa 50 porsyento ng median na kita ng sambahayan para sa county para sa parehong nakaraang dalawang taon.

Matutukoy ang katayuan ng producer na may limitadong resource gamit ang USDA Limited Resource Farmer and Rancher Online Self Determination Tool na matatagpuan sa <https://lrftool.sc.egov.usda.gov/DeterminationTool.aspx?fyYear=2019>. Kinakalkula at ipinapakita ng naka-automate na system ang na-adjust na kabuuang benta ng bukid kada taon at ang mas mataas sa kita sa antas ng kahirapan ng bansa o median na kita ng sambahayan para sa county.

Para sa mga legal na entidad na humihiling na maituring na Magsasaka o Rantserong May Limitadong Resource, ang kabuuan ng gross na benta at ng kita ng sambahayan ay dapat isaalang-alang para sa lahat ng miyembro.

Magsasaka o rantserong may disbentaha sa lipunan – isang magsasaka o rantsero na miyembro ng grupo na binubuo ng mga miyembrong nakaranas ng kawalan ng hustisya batay sa lahi, etnisidad, o kasarian dahil sa kanilang pagkakakilanlan bilang mga miyembro ng grupo nang walang pagsasaalang-alang sa kanilang mga indibidwal na katangian.

Kabilang sa mga grupong ito ang mga sumusunod:

- Mga American Indian o Alaskan Native;
- Mga Asian o Asian American;
- Mga Black o African American;
- Mga Native Hawaiian o other Pacific Islander;
- Mga Hispanic; at
- Mga Kababaihan.

Para maituring na may disbentaha sa lipunan ang mga legal na entidad, hawak dapat ng mga indibidwal na may disbentaha sa lipunan ang majority interest.

Beteranong magsasaka o rantsero – isang magsasaka o rantserong nagserbisyo sa Sandatahang Lakas (gaya ng tinutukoy sa 38 U.S.C. 101) at na:

- nagpatakbo ng bukid o rantso nang mas maikli sa 10 taon, o
- unang naging beterano sa loob ng nakalipas na 10 taon.

Panahon ng Saklaw

Iba-iba ang panahon ng saklaw para sa NAP depende sa pananim. Nagsisimula ang panahon ng saklaw para sa taunang pananim sa petsang mas huli:

- Ang petsa pagkatapos ng aplikasyon para sa saklaw ay inihain at nabayaran na ang mga naaangkop na bayarin sa serbisyo; o
- Ang petsa kung kailan itanim ang pananim (hindi maaaring lumampas sa huling petsa ng pagtatanim).

Natatapos ang panahon ng saklaw para sa taunang pananim sa petsang mas nauuna:

- Petsa kung kailan nakumpleto ang pag-ani sa pananim;
- Karaniwang petsa ng pag-ani para sa pananim;
- Petsa kung kailan inabandona ang pananim; o
- Petsa kung kailan nasira ang buong acreage ng pananim.

Ang panahon ng saklaw para sa perennial na pananim, bukod pa sa pananim na nakalaan para sa forage, ang nagsisimula bago lumipap ang 30 araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng pagsasara ng aplikasyon at natatapos ito sa petsang mas nauuna:

- 10 buwan mula sa petsa ng pagsasara ng aplikasyon;
- Petsa kung kailan nakumpleto ang pag-ani sa pananim;
- Karaniwang petsa ng pag-ani para sa pananim;
- Petsa kung kailan inabandona ang pananim; o
- Petsa kung kailan nasira ang buong acreage ng pananim.

Makipag-ugnayan sa isang lokal na tanggapan ng FSA para sa impormasyon tungkol sa mga panahon ng saklaw para sa mga perennial forage na pananim, pananim sa kontroladong kapaligiran, specialty na pananim, at value loss na pananim.

Impormasyong Kinakailangan para Manatiling Kwalipikado para sa NAP

Para maging kwalipikado para sa tulong mula sa NAP, dapat iulat ang sumusunod na impormasyon tungkol sa acreage ng

- Pangalan ng pananim (letsugas, clover, atbp.);
- Uri at kategorya (head lettuce, pulang clover, atbp.);
- Lokasyon at acreage ng pananim (bukid, sub-field, atbp.);
- Porsyon ng pananim at ang mga pangalan ng iba pang producer na may interes sa pananim;
Uri ng kagawiang ginagamit para patubuin ang pananim (may irigasyon o walang irigasyon);
- Petsa kung kailan itanim ang pananim sa bawat bukid; at
- Nilalayong paggamit ng produkto (sariwa, ipinroseso, atbp.).

Dapat iulat kaagad ng mga producer ang acreage ng pananim pagkatapos ng pagtatanim (unang bahagi ng panahon ng panganib) para matiyak na hindi mapapalampas ang mga deadline sa pag-uulat at hindi mawawala ang saklaw. Bukod pa rito, dapat ibigay ng mga producer na may saklaw ng NAP ang sumusunod na impormasyon tungkol sa produksyon:

- Ang dami ng lahat ng naaning pananim kung saan may hawak na interes ang producer sa taon ng pananim;
- Ang disposisyon ng naaning pananim, gaya ng kung ito ay naibebenta, hindi naibebenta, naisalba, o nagamit sa paraang naiiba sa nilalayong paggamit; at
- Mga nabeberipika o maaasahang record ng produksyon ng pananim (kapag kinakailangan ng FSA).

Kapag kinakailangan ang mga record na iyon, dapat ibigay ng mga producer ang mga ito sa paraang madaling mauunawaan ng komite ng county ng FSA. Ang mga producer ay dapat makipag-ugnayan sa tanggapan ng FSA kung saan pinapanatili ang mga record ng kanilang bukid para sa mga tanong tungkol sa mga katanggap-tanggap na record ng produksyon.

Kapag hindi naiulat ang impormasyon tungkol sa acreage at produksyon para sa mga pananim na saklaw ng NAP, posible itong magresulta sa bawas na tulong mula sa NAP o hindi pagbibigay nito. Tandaang iba-iba ang mga petsa ng pag-uulat ng acreage at huling pagtatanim depende sa pananim at depende sa rehiyon.

Ang mga producer ay dapat makipag-ugnayan sa tanggapan ng FSA kung saan pinapanatili ang mga record ng kanilang bukid para sa mga tanong tungkol sa mga petsa ng pag-uulat ng lokal na acreage at huling pagtatanim.

Para sa mga operasyon ng aquaculture, floriculture, at ornamental nursery, ang mga producer ay dapat magpanatili ng mga record alinsunod sa mga pamantayan ng industriya, pati na rin ng mga araw-araw na imbentaryo ng pananim. Nalalapat ang mga natatanging kinakailangan sa pag-uulat sa mga beekeeper at producer ng mga Christmas tree, turf-grass sod, katas ng maple, mga kabute, ginseng at pangkomersyong binhi, o mga forage na pananim. Ang mga producer ay dapat makipag-ugnayan sa tanggapan ng FSA kung saan pinapanatili ang mga record ng kanilang bukid tungkol sa mga kinakailangang ito.

Iniulat na Acreage at Produksyon

Gumagamit ang FSA ng mga ulat ng acreage para i-record ang lokasyon at bilang ng mga acre na sinasaklaw ng aplikasyon. Ginagamit ang acreage at

mga ulat ng produksyon para kalkulahin ang inaprubahang ani (inaasahang produksyon para sa taon ng pananim). Ang inaprubahang ani ay isang average ng aktwal na kasaysayan ng produksyon (actual production history o APH) ng producer sa loob ng minimum na 4 na taon ng pananim hanggang sa maximum na 10 taon ng pananim (5 taon para sa mga mansanas at melokoton). Para makalkula ang APH, hinahati ng FSA ang kabuuang produksyon ng producer sa acreage ng pananim ng producer. Maaaring kalkulahin ang inaprubahang ani ng producer gamit ang data ng lubos na binawasang ani kung hindi mag-uulat ang producer ng produksyon para sa isang pananim na may saklaw ng NAP, o kung mag-uulat ang producer ng mas kaunti sa 4 na taong produksyon ng pananim.

Pagbibigay ng Abiso Tungkol sa Pagkawala at Pag-apply para sa Bayad

Kapag ang isang pananim o pagtatanim ay naapektuhan ng sakuna, dapat abisuhan ng mga producer na may saklaw ng NAP ang tanggapan ng FSA kung saan pinapanatili ang mga record ng kanilang bukid at dapat nilang kumpletuhin ang Bahagi B (ang bahaging Abiso Tungkol sa Pagkawala) ng form CCC-576, "Abiso Tungkol sa Pagkawala at Aplikasyon para sa Bayad." Dapat itong makumpleto sa loob ng 15 araw ng kalendaryo pagkatapos ng alinman sa mga ito na unang mangyayari:

- Pagkakaroon ng sakuna;
- Ang huling petsa ng pagtatanim kung hindi makapagtanim dahil sa isang sakuna;
- Ang petsa ng pagkasira ng pananim o pagkawala ng produksyon; o
- Ang karaniwang petsa ng pag-ani.

Dapat abisuhan ng mga producer ng mga mano-manong inaaning pananim at ilang partikular na madaling masirang pananim ang FSA sa loob ng 72 oras kapag nagkaroon ng pagkawala. Ang mga pananim na napapailalim sa pag-aatas na ito ay ililista sa Mga Pangunahing Probisyon ng NAP.

Para makatanggap ng mga benepisyo mula sa NAP, dapat kumpletuhin ng mga producer ang form CCC-576, "Abiso Tungkol sa Pagkawala at Aplikasyon para sa Bayad," Mga Bahagi D, E, F at G, kung naaangkop, sa loob ng 60 araw

pagkatapos ng huling araw ng saklaw para sa taon ng pananim para sa anumang pananim sa unit na saklaw ng NAP. Kailangan sa CCC-576 ang katanggap-tanggap na impormasyon ng pagtatasa.

Dapat magbigay ang mga producer ng patunay ng produksyon at mensahe kung ang pananim ay naibebenta, hindi naibebenta, naisalba, o ginamit sa paraang naiiba sa nilalayong paggamit.

Pagtukoy sa Unit ng NAP

Kabilang sa unit ng NAP ang lahat ng kwalipikadong acreage ng pananim sa county kung saan ang producer ay may interes sa natatanging pananim. Ang isang interes sa natatanging pananim ay:

- 100 porsyentong interes; o
- Isang interes na may kahating ibang producer.

Impormasyong Ginagamit ng FSA para Magkalkula ng Bayad

Kinakalkula ang bayad mula sa NAP sa pamamagitan ng unit na gumagamit ng:

- Acreage ng pananim;
- Inaprubahang ani;
- Kabuuang produksyon
- Antas ng saklaw na pinili ng producer;
- Isang average na presyo sa market para sa produkto na ipinatupad ng komite ng estado ng FSA; at

- Isang factor ng pagbabayad na ipinapakita ang binawasang gastusin na natamo sa cycle ng produksyon para sa pananim na hindi naani o hindi naitanim.

Para sa mga value loss na pananim na may karagdagang saklaw, kakalkulahin ang mga bayad gamit ang mas maliit na field market na halaga ng pananim bago ang sakuna o ang maximum na halaga ng dolyar na hiniling ng producer para sa saklaw sa panahon ng aplikasyon.

Para sa Higit pang Impormasyon

Ang fact sheet na ito ay para lang sa pagbibigay ng impormasyon; posibleng may malapat na iba pang kinakailangan o paghihigpit sa pagiging kwalipikado. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga programa ng FSA sa pagtulong sa panahon ng sakuna, bumisita sa [farmers.gov](https://www.farmers.gov) o makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng FSA. Para mahanap ang iyong lokal na tanggapan ng FSA, bumisita sa [farmers.gov/ service-center-locator](https://www.farmers.gov/service-center-locator).